City of Santa Clara
The Center of What's Possible

# SANTA CLARA MARSO 3, 2020
# ESPESYAL NA HALALAN

**Ang mga taga-Santa Clara ay magkakaroon ng dalawang aytem sa balota: (1) Panukala C at (2) ang halalan ng Hepe ng Pulisya.**

*Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang: SantaClaraCA.gov/Elections*

## MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA PANUKALA C

**T: Ano ang Panukala C?**

A: Ang Panukala C ay isang panukala sa balota para susugan ang Karta ng Lungsod na pumili ng mga miyembro ng konseho ayon sa distrito.

**T: Bakit nasa balota ang Panukala C?**

A: Noong 2018, ipinasa ng mga botante ang Panukala N nang higit sa 70%. Itinanong ng Panukala N sa mga botante kung dapat isali ng Lungsod ng Santa Clara ang mga botante sa proseso ng publiko upang bumalangkas ng panukala sa balota sa Pagsusog ng Karta para maghalal ng mga miyembro ng konseho nito, maliban sa Alkalde, ayon sa distrito.

Noong 2019, ang Konseho ng Lungsod ay nagtalaga ng isang Komite sa Pagrepaso ng Karta na may pitong miyembro para maisagawa ang publikong prosesong ito. Ang Panukala C ay binuo batay sa mga rekomendasyon na ginawa ng Komite at ipinaalam ng publiko.

**T: Ano ang ginagawa ng Panukala C?**

A: Kung maaprubahan ang Panukala C, ang mga taga-Santa Clara ay:

- Maghahalal ng mga miyembro ng konseho ng Lungsod ayon sa distrito;
- Magtatatag ng anim na distrito para sa halalan sa 2020, kung saan bawat miyembro ng konseho ang kumakatawan sa bawat distrito (Ang Konseho ng Distrito 1, 4, 5 at 6 ay sa Nobyembre 2020 na balota);
- Magtatatag ng tatlong distrito para sa halalan sa 2022 at sa mga susunod, kung saan dalawang miyembro ng konseho ang kumakatawan sa bawat distrito.

**T: Paano nakakaapekto ang Panukala C sa pagboto ng Alkalde, Hepe ng Pulisya at Klerk ng Lungsod?**

A: Ito ay HINDI NAKAKAAPEKTO. Ang Alkalde, Hepe ng Pulisya at Klerk ng Lungsod ay magpapatuloy na mahalal sa buong lungsod.

City of Santa Clara
The Center of What's Possible

City of Santa Clara
1500 Warburton Avenue
Santa Clara, CA 95050

PRSRT STD
SELYO NG ESTADOS UNIDOS
NABAYARAN NA
PERMISO 92
SANTA CLARA, CA

**T: Ano pa ang gagawin ng Panukala C?**

A: Kung maaprubahan ang Panukala C, ang mga taga-Santa Clara ay:

- Ipag-uutos na ang mga kandidato ng Konseho ay maging residente ng mga distrito na kinakatawan nila nang hindi bababa sa 30 araw bago ang huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa pagtakbo para sa opisina;
- Ipag-uutos na ang Alkalde, Hepe ng Pulisya at Klerk ng Lungsod ay maging residente ng Santa Clara nang hindi bababa sa 30 araw bago ang huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon sa pagtakbo para sa opisina; at
- Ipag-uutos ang isang independiyenteng komite ng muling pagdistrito para magtakda ng mga hangganan ng tatlong distrito ng Konseho.

**T: Kailan ang halalan?**

A: Ang Araw ng Halalan ay sa Marso 3, 2020.

**T: Paano ako makapagpaparehistro para bumoto?**

A: Kung hindi ka pa nakarehistro para bumoto at nais mong bumoto, kailangan mong magparehistro BAGO mag Peb. 18, 2020. Makakakita ka ng mga form sa pagpaparehistro sa Munisipyo ng Santa Clara o magparehistro para makaboto online sa pamamagitan ng pagbisita sa: registertovote.ca.gov. Simula sa halalan sa Marso 3, 2020, ang lahat ng mga rehistradong botante ay papadalhan ng vote-by-mail na balota, hilingin man ito o hindi.

## *Ito ang magiging hitsura ng Panukala C sa balota:*

| Tanong na Panukala C sa Balota | |
|---|---|
| MGA HALALAN SA KONSEHO NG DISTRITO. Kailangan bang susugan ang Karta ng Lungsod para maghalal ng mga miyembro ng konseho ng lungsod ayon sa distrito, maliban sa alkalde, gaya ng sumusunod: upang magtatag ng anim na distrito para maghalal ng dalawang miyembro ng konseho na kakatawan sa bawat distrito sa halalan sa 2020; at upang magtatag, simula sa 2022, ng tatlong distrito para sa pagpili ng dalawang miyembro ng konseho na kakatawan sa bawat distrito; at upang mag-utos ng isang independiyenteng komite ng muling pagdistrito? | **OO** |
| | **HINDI** |

City of Santa Clara
The Center of What's Possible